Vol. 11 • Issue No. 25 • June 25, 2023 Php 15.00

# The Plans AND Purpose OF GOD IN YOUR calling

**Proverbs 19:21 (NKJV)**
There are many plans in a man's heart, Nevertheless the Lord's counsel—that will stand.

- You are called and saved for a purpose.

**2 Timothy 1:9**
Who has saved us and called us with a holy calling, not according to our works, but according to His own purpose and grace which was given to us in Christ Jesus before time began.

- He saved us.
- Called us for a purpose

**Romans 11:29**
For the gifts and the calling of God are irrevocable.

- Your gifts and calling "without repentance"

**1 Corinthians 7:20**
Let each one remain in the same calling in which he was called.

- We are partakers of "heavenly calling".

**2 Peter 1:10**
Therefore, brethren, be even more diligent to make your call and election sure, for if you do these things you will never stumble.

"Give diligence to make your calling and election sure."

**Challenge**
God gave us the vision, but He never gives us the plan. Why?



**Rev. Dr. William G. Sy**
***Head Pastor***



VOICE OF THE VISION
THE OFFICIAL NEWSLETTER OF UNITED CHRISTIAN FELLOWSHIP CHURCH



FATHERS' DAY CELEBRATION

# HANDOG NA *Pasasalamat* PARA SA MGA *Ama*



Sa kanilang katatagan at pagsusumikap bilang mga haligi ng tahanan, malaki ang pasasalamat ng kani-kanilang pamilya. Ang kalakasang ibinibigay ng Diyos sa mga ama ang lalong nagpapaigting sa kanilang buhay at ang Kaniyang pagmamahal ang patuloy nilang inspirasyon sa pagtataguyod ng kanilang pamilya.

Sa maligayang pagdiriwang ng Araw ng mga Ama, ang pamilya ng UCF ay masayang naghanda ng munting regalo at salu-salo noong Linggo, Hunyo 18, bilang selebrasyon at pag-alala sa kanilang pagsisikap, pagtataguyod at pag-ibig para sa kanilang pamilya at mga mahal sa buhay. Naghandog din ng espesyal na *audio visual presentation (AVP)* na pinanuod ng lahat. Ito ay naghayag ng pasasalamat at nagbigay inspirasyon sa mga tatay para sa dedikasyon at kalakasang kanilang ibinubuhos sa pamilyang ipinagkaloob ng Panginoon.

Salamat sa Diyos para sa buhay ng ating mahal na mga tatay na patuloy na gumagabay at nagmamahal sa kanilang mga pamilya at ganoon din sa kapatiran ng UCF. Luwalhati sa Diyos para sa Kaniyang pagpapala at kalakasang ibinibigay sa mga haligi ng tahanan!









*Ang bawat isa ay nagtipon-tipon para sa masarap na salu-salo na napuno ng ngiti, tawanan at kaligayahang nagmumula sa Diyos Ama.*







**Psalm 16:11 (NKJV)**

You will show me the path of life; In Your presence is fullness of joy; At Your right hand are pleasures forevermore.

*Pagsapit ng hapon noong Linggo ay nagpatuloy ang selebrasyon at kainan. Nagkaroon pa ng masarap na meryenda kung saan ay naghain ng mga inihaw at lutong putahe na pinagsaluhan ng bawat isa at siguradong ikinatuwa ng mga tatay.*













*May galak na nagsama-sama ang kapatiran sa salu-salo na inihanda para sa mga ama. Tunay na ang kagalakan ay matatagpuan sa pamilya ng Diyos!*

## Purihin ang Panginoon sa buhay ng mga ama sa UCF!

---


UCA UPDATE

# Leap offers a productive summer

As the new school year approaches, parents are seeking opportunities for their children to gain an edge in their education. With that, UCA officially began its Learning Enrichment and Advancement Program (LEAP) last June 19, welcoming 35 students from different grade levels.

UCA offered LEAP both face-to-face and online to reach out and help more students in advancing in different learning areas and in learning various skills and competencies. These classes will run for six weeks filled with intensive mode of learning, focusing on advanced topics and problem-solving skills.

UCA always believes that its students can reach their full potential through exposure in diverse activities.



Even in face-to-face or online, students joyfully learn through different activities.



They are also eager in learning new skills and in answering their tasks diligently.



Teachers dedicate their time and effort to teach and transfer the skills that the students need.

9All nations whom You have made shall come and worship before You, O Lord, And shall glorify Your name. 10For You are great, and do wondrous things; You alone are God.

**Psalm 86:9-10 (NKJV)**

# Pag-usbong ng *gawain ng Diyos*

UCF Mt. Tabor CHURCH • RE-CREATION CENTER



**P**abago-bagong panahon ang nararanasan sa Mt. Tabor *Church Re-Creation Center* ngunit ang mga paggawang konstruksiyon sa lugar ay nagpapatuloy. Sa kabila ng mga balakid, ang pagkilos pa rin ng Diyos ang nasasaksihan sa bawat linggo.

Sa kasalukuyan, sa pamumuno ni Rev. Dr. William Sy, natapos na ang ikatlong pagbubuhos ng semento para sa poste ng panambahan. Ang mga ginawang *metal beam* sa nakaraang linggo ay inilagay at ikinabit na bilang pagsisimula naman ng ikalawang palapag at maging bubong ng gusali. Ang mga *truss* o saklang bakal ay magsisilbing matibay na suporta para sa estruktura. Kasama rin ang mga boluntaryong manggagawa ng panambahan na nagbigay ng kanilang oras para sa sinisimulang gawain ng Panginoon.

Kalakasan mula sa Diyos ang kanilang araw-araw na nararanasan sa kanilang mga aktibidad. Tunay na tapat at mabuti ang Panginoon sapagkat Siya na tumawag ay tapat din sa Kaniyang pangakong pagpapala. Purihin ang Panginoon!



*Matapos ang pagbubuhos at pagpapantay ng mga poste ay inihanda na ang mga ito para sa susunod na konstruksiyon.*





*Tulong-tulong ang kalalakihan sa gawain nang may kagalakan. Nailagay na rin sa mga poste ang metal beam para sa matibay na estruktura nito.*

**Psalm 63:3-4 (NKJV)**

[3]Because Your lovingkindness is better than life, My lips shall praise You. [4]Thus I will bless You while I live; I will lift up my hands in Your name.

SALAMAT, Panginoon

# Pagpapalang binhi, ANG DIYOS NAGKALOOB

Sabi sa 2 Corinto 9:7, "Ang bawat isa'y dapat magbigay ayon sa kanyang pasya, maluwag sa loob at hindi napipilitan lamang, sapagkat iniibig ng Diyos ang nagbibigay nang may kagalakan."

Kaya naman ang kapatiran ay buong puso at buong galak na nagtanim ng binhi para sa pagtatayo ng panambahan sa Mt. Tabor. At sa kanilang pananampalataya, ang Diyos ang nagpala sa bawat isa upang mapagkaloob ang kanilang mga binhi para sa gawain. Tunay na kapag ang puso natin ay tapat sa Diyos at patuloy tayong nanampalataya sa Kaniya, ang Diyos ay hindi maiksi ang kamay upang pagpalain ang Kaniyang mga anak. Narito ang mga patotoo ng ilan sa kapatiran kung paano kumilos ang Diyos sa kanilang buhay upang matugunan ang kanilang binhi para sa ministeryo Niya.

Ang itinanim na binhi sa matabang lupa tulad ng Kaniyang gawain ay tiyak na palalaguin ng Diyos. Ito ay patunay na hindi kailanman nakakahinayang ang pagbibigay natin sa Kaniyang ministeryo.

*"Noong una ko pa lamang narinig ang tungkol sa pagbibigay ng pledge para sa Mt. Tabor Church ay na-excite ako na maging kabahagi nito. Desidido akong ibigay ang lahat ng mayroon ako para sa gawain dahil alam kong magiging malaki ang paggamit nito upang makapagdala pa ng mga kaluluwa sa Panginoon. Maraming pumasok sa aking isipan na baka imposible iyon pero ang Lord ay nagbigay pa rin ng ibang paraan upang makapagtanim ako ng aking mga binhi. Tanging papuri't pasasalamat para sa ating Diyos na buhay!"*



**Sis. Samantha Iniego**

*"Noong nagpatawag si Ptr. William ng seed para sa Mt. Tabor, natuwa ako dahil may opportunity ako na makapagtanim sa gawain ng Panginoon. Noong una, naisip ko kung paano ako makakapagbigay dahil sakto lang din ang mayroon ako pero pinaalala ni pastor na mag-take kami ng step of faith. At iyon ang ginawa ko. Nagpapasalamat ako sa Lord dahil Siya pa rin ang nagbigay ng paraan upang mabigay ko ang seed ko. Praise God dahil alam kong maraming kaluluwa ang maabot ng itatayong church sa Mt. Tabor!"*



**Sis. Aira Tolentino**

*"The Word of God constantly reminds me that I will not give to the Lord what doesn't cost me anything, which is why I had the urge to accept the challenge of planting seeds for the Mt. Tabor Church. Praise God because someone bought what I had sold, and I was able to give my seeds before the deadline. Also, Ptr. William said, as God gave the mission and vision, that we have the accountability to plan and act because we know that God will move. The Bible also says in Proverbs 19:21 (NIV), 'Many are the plans in a person's heart, but it is the Lord's purpose that prevails.'"*



**Bro. Joshua Aries Ani, Jr.**

But as for me, I will come into Your house in the multitude of Your mercy;
In fear of You I will worship toward Your holy temple.

**Psalm 5:7 (NKJV)**

MUSIC CLINIC UPDATE

# Honing future musicians



Summer is the perfect time to gain valuable experiences like improving one's musical abilities. To hone aspiring musicians, UCF Music Clinic opened its doors for musical instrument classes last June 19 headed by the UCF Band Department.

The musical instructors shared their knowledge and expertise with the students in a fun and engaging manner. They discussed a range of topics including music theory, instrument technique, and performance skills in playing various instruments such as guitar, keyboard, and drums. Students are expected to gain skills in about four weeks. Aside from this, they are also to build their confidence given the right skills and abilities.

The highlight of this program is to instill to the students that talents and gifts are all from the Lord and should be used to give glory to God. Praise the Lord for the continuous success of the program.

## DRUMS










Drumset trainers started their sessions with the trainees doing the basic exercises and techniques.


## GUITAR





Guitar trainees were excited in their first day of classes as they learn the basics of playing a guitar.

## KEYBOARD





With their very young age, trainees were eager to learn to play the keyboard while listening to their instuctor.

**Psalm 57:9-10 (NKJV)**

9 I will praise You, O Lord, among the peoples; I will sing to You among the nations. 10 For Your mercy reaches unto the heavens, And Your truth unto the clouds.

## *Sunday Worship Service* HIGHLIGHTS

"Kapag mata ng Panginoon ang tinitingnan natin, doon natin makikita ang righteousness. Doon natin malalaman ang tama at mali nating gagawin."

"Start your day with the Lord. When you start your day with God, the Lord will guide you."

"As you continuously know God in your life, you can continuously experience Him in your life."

"Noong tayo ay tumanggap sa Panginoon, mayroong ipinangako ang Diyos at iyon ay ang Holy Spirit na magtuturo at gagabay sa atin."

"Kapos ang plano natin. Pero kung ang plano ng Diyos ang ating inalam, ito ay infinite because it is the best possible promise."




# PAGHAYAG NG **MABUTING BALITA NG DIYOS**

Salamat sa Diyos dahil sa pangalawang pagkakataon ng pagsisimula ng *Bible Study* sa Mt. Tabor ay ilang kapitbahay at mga kalalakihang gumagawa sa konstruksiyon ng panambahan ang naging bahagi ng pakikinig ng Salita ng Diyos.

Sa pangunguna nina Rev. Fidel Dillo at Rev. Morrell Estrellado ay nagbahagi sila ng paksa tungkol sa kaligtasan at pagtanggap kay Hesu Kristo bilang kanilang Diyos at Tagapagligtas.

Nagkaroon din sila ng salu-salo at maliit na *group sharing* kung saan ang kapatiran ay nagbahagi ng kanilang patotoo.









# PAGHAYO DALA ANG **KABUTIHAN NG AMA**

Bilang pag-iimbita ng mga kaluluwa ay bumisita ang kapatiran ng UCF sa ilan pang mga tahanan sa Barangay ng Casile sa Calamba, Laguna. Ipinanalangin din nila ang mga nabisita at binahagian ng Kaniyang Salita.









[1]I will extol You, my God, O King; And I will bless Your name forever and ever. [2]Every day I will bless You, And I will praise Your name forever and ever.

**Psalm 145:1-2 (NKJV)**

## SERMON NOTES

**Write the points to remember from the sermon as you seek God in your life.**

**What is God's message for you through the sermon?**

# WHY READ THE BOOK OF TITUS?




Titus, being Apostle Paul's trusted associate, traveled with Paul on some of his missionary journeys. Apostle Paul wrote the Letter to Titus to encourage and instruct Titus to continue his ministry in Crete (Titus 1:5), where residents were recognized as "liars, evil beasts, and lazy gluttons" (Titus 1:12).

Paul wanted Titus to finish the church's organization (Titus 1:5-9), confront false teachers who were present at that time (Titus 1:10-14; 3:9-11), and instruct the churches in righteous behavior (Titus 2:1-3:8). The Letter to Titus goes into great detail about the qualifications to be an overseer or elder (Tit. 1:6–9). It was also greatly concerned with sound doctrine (Titus 1:9, 13; 2:1-2) where he also emphasized the importance of proper Christian behavior. Theological reflections on God's grace that was shown through Jesus Christ were also provided (Titus 2:11-14; 3:4-7).

The saving, transforming grace of God in our lives produces godly living (Titus 2:11–12). Brethren, let us be founded on sound doctrine in order to have a strong foundation in Christ, which will result in a life that is holy and pleasing to the Lord.

# PRAYER REQUESTS

## *Philippians 4:6-7 (NKJV)*

6 Be anxious for nothing, but in everything by prayer and supplication, with thanksgiving, let your requests be made known to God;
7 and the peace of God, which surpasses all understanding, will guard your hearts and minds through Christ Jesus.

**Kindly approach Sis. Sushmita Murillo or Sis. Karen Mohammad.**

## SHARE HIS WORD



For UCF updates, prayer requests, testimonies, live broadcasts, and replay of church services and gatherings, follow us on our social media accounts.

**Facebook** @UCFOfficial
**Instagram** @UCF_Official
**Twitter** @UCFOfficial1
**YouTube** @UCFOfficial

## CONTACT US

**UCF WORSHIP CENTER**
#17 Highlight St., Area 4,
Fourth Estate Subd., Parañaque City

## WEEKLY SCHEDULE

**SUNDAY WORSHIP SERVICE**
Sundays at 9:00AM

**MIDWEEK SERVICE**
Thursdays at 7:00PM

**DAILY PRAYER**
at 6:00PM

Scan these QR codes to watch the replays of the UCF Sunday Worship Services

Facebook | YouTube